**Kawíng 2.1 (2018): 57-70**

# Ganoon Pa Rin

**Maria Lucille G. Roxas**
De La Salle University, Manila
marialgroxas@gmail.com

~~~

Salitan ang paghampas ni Barbara sa kanyang braso, batok, noo, pisngi, leeg, at tenga. Padyak siya nang padyak na parang nagmamartsa. Kabi-kabila kasi ang atake ng mga lamok sa katawan niya; kaliwa at kanan, ibaba at itaas, harap at likod. Walang talab ang ibinubuga niyang usok ng sigarilyong hinigop hanggang baga sa mga lamok na walang kabusugan sa dugo. May kadiliman ang lugar na kinatatayuan niya kaya malamok, sa tabi ng isang matandang puno sa parking lot ng East Avenue Medical Center. Hindi gaanong makalagos ang sinag mula sa ilang lamp post sa nakapayong na mga sanga at makapal na dahon ng puno. Sinadya niyang doon pumuwesto para makapagtago, no smoking zone ang ospital. Maliban dito, may isa pa siyang nais ring ipatago, ipalamon, ipalunok sa dilim kung maari. Ang ngayon.

KANINANG pasado ala-una ng hapon, narinig niya ang mahinang alert tone ng cellphone sa loob ng bag. Hindi niya ito pinansin. Alas-dos y medya, pagka-dismiss sa klase saka niya tiningnan ang text. May isa pa siyang klase pero hindi na niya ito papasukan. Napakiusapan niya ang isang kasamahang guro na mag-subtitute sa kanya.

"Please, emergency lang, nag-aalburoto ang tiyan ko. Nasira yata sa kinain kong ginataang langka kaninang lunch. Baka magkalat ako rito, hindi na ako igalang ng mga estudyante ko," ang may halong birong paliwanag niya sa kasamahang guro.

"Namumutla ka nga, pati ilong mo nagpapawis. Sige, larga na," nagtatawang sagot sa kanya ng kasamahan.

" Salamat! Ako ang sub mo kapag kailangan mo, ha?" pahabol niyang sabi bago tuluyang tinalikuran ang kaharap.

Hindi lang ilong ni Barbara ang pinagpapawisan. Buong katawan niya ay balot ng malamig na pawis. Pagkabasa ng mensahe sa cellphone ay daig pa niya ang tinutukan ng holdaper ng balisong sa tagiliran; nataranta siya, nagkarerahan ang nerbyos at takot sa dibdib, kumislot ultimo maliliit na masel sa talukap ng mga mata. Gumapang ang panik mula kuyukot hanggang anit niya.

Sa taxi, walang ginawa ang hinlalaki ni Barbara kundi i-scroll pababa, pataas, taas-baba, baba-taas ang text. Halos sa mensaheng iyon lang nakapako ang kanyang paningin. Susulyap lang siya sa labas ng taxi kapag nararamdaman niyang babagsak na ang mga luhang nanunulay sa hangganan ng mga mata. Para mapigilan ang pag-alpas ng luha, sunud-sunod ang pagkurap niya sa mga mata kasabay ng sunud-sunod ding pagmumura sa isip. Nagagalit siya at hindi natatakot, ang sabi niya sa sarili. Hindi siya umiiyak kapag nagagalit. Pero, ang pagkakaila'y ipinagkanulo ng mismong laman na ang bawat himaymay ay kusang umuudlot, kumikislot sa matinding takot. Umagos sa pisngi niya ang mainit na luha.
~~~

Papasok na siya sa ospital nang biglang may naalala. Hindi niya naitanong kung anong pangalan ang ipinalista sa ospital ng mga nagdala kay Berani. Nag-text siya. Naghanap ng mauupan. Nanlalambot siya. Kinukonsumo ng matinding kaba at takot ang lakas niya. Sa isa sa mga upuang bato malapit sa parking lot siya naghintay ng sagot. Ilang sandali pa ay nag-vibrate ang hawak na cellphone. "Berani guerrero, er. Jan n philip." Bumomba na naman ng puso niya, sunud-sunod at mas malakas kaysa kanina. Umabot hanggang sintido niya ang mabilis na alon ng dugo. Para siyang mabibingi sa lakas ng sunud-sunod na bomba. Isang malalim at tuyot na kirot ang gumuhit sa dibdib niya hanggang lalamunan. Hindi siya agad nakatayo sa pagkakaupo kahit pa gusto niyang takbuhin ang Emergency Room. Sinasaid ng nerbyos at takot ang lakas niya.

NASA LABAS pa lang ay naulinigan na ni Barabara ang musikang nagbubuhat sa loob ng bahay nila. Napangiti siya. Nakaramdam nang pagsigla ang hapo niyang katawan.

Bago pumutok ang araw kanina ay nasa istasyon na siya ng bus sa Pasay. Maaga silang nagbiyahe ng team niya papuntang San Narciso, Quezon para imbestigahan at idokumento ang brutal na pagpaslang sa isang lider-magsasaka. Writer, photo-videographer si Barbara sa isang organisasyon na pangkarapatang pantao. Hindi sa pagkuha ng mga detalye sa marumal na pamamaslang nahirapan ang grupo niya kundi sa pagbaba't sakay sa dyip na abot hanggang bubong ang pasahero kasama ang mga case ng soft drink at mga sako ng sari-saring produkto't panindang nagbuhat sa sentro. Nakaka-ubos din ng lakas at lalo na ng pasensya ang paglabas-pasok ng mga gamit sa backpack, pagpapakita ng ID, at pagpapaliwanag na sila ay mga consultant ng isang pribadong kumpanya sa mga sundalong nakatanod sa bawat checkpoint na daanan ng sinasakyang dyip. Naka-limang hinto ang dyip nila para sa inspeksyon ng mga sundalo bago nakarating ng San Narciso.

Kabisado na ng grupo ni Barbara ang sitwasyon sa mga lugar na may matinding banggaan ng interes sa pagitan ng naghahari at pinaghahariang uri. Pangkaraniwan sa ganoon lugar ang pag-iral ng pagsasamantala at paggahis sa karapatang pantao ng maliliit na mamamayan. Mahigpit ang kapit ng naghaharing uri sa kanilang kapangyarihan. Hindi nila sinasanto ang sinumang posibleng maging banta sa pagpapatuloy ng paghahari sa teritoryo. Kaya kapag sa lugar na ganoon sila nagpupunta, hindi ang pangalan ng organisasyon ang kanilang dinadala. Mapanganib para sa kanila mismong seguridad kaya nagpapanggap sila. Kilalang militante ang organisasyon nila na wala ring sinisino sa paglalantad ng katotohanan at paghahanap ng katarungan. May nakahanda nang ID at kwentong pangkumbinsi ang grupo niya. Ang kwento ay inilalapit nila sa katangian ng lugar. Kung bukirin ang lugar, mga consultant sila ng isang kumpanya na nagpapahanap ng lugar na pupwedeng maging kapartner sa paggamit ng bagong binhi na dinebelop sa Amerika. Nag-iIngles din sila kapag nagpapaliwanag para magmukhang mga eksperto at para sindakin na rin ang mga sundalo. Wala nang maraming tanong pa ang mga sundalo kapag nag-iIngles sila.

Nakangiting sinalubong siya ni Berani sa gate. Hinalikan sa pisngi at kinuha sa balikat ang mabigat na backpak. Laking tuwa niya nang makita si Philip. Masaya silang nagyakap. Sinalubong din siya ni Pet. Sa 'sang iglap na iyon ay tila naglahong lahat ang pagod niya.

May dalang camaron rebosado, pansit na miki-bihon, at kalahating galon ng cheese-flavored ice cream si Philip. Sa hapag, habang kumakain, nagsimula ang kumustahan at pagbibiruan nila.

"Ano nang balita sa 'yo, Phil? Ang tagal mong hindi nagpakita. Sino-sino na naman ang mga naakit at nakumbinsi mo? Alam kong busy ka, pero 'mano bang paminsan-minsan ay tumawag ka. Kumukontak ka nga pero ang tipid, ha?! Text na nga lang e ang igsi pa ng nakalagay na mensahe. 'Hi, Bayang! Wazzup?; Tek ker, Lab u n Beyan. Hi 2 Pet; Poor signal here. C u soon." At ito ang panalo, isang text lang na ganoon kaigsi kada isang bwan! Ayun, tingnan mo sa cellphone ko, di yata ako nagbubura ng ebidensya. Uy, salamat sa dala mong pagkain, ang sarap, pero di ka pa bayad, ha!" kunwa'y nagtatampong sumbat ni Barbara sa kaibigan. Hagalpakan silang tatlo sa tawa.

"Guilty na po! Ano ang pwedeng pampuno sa kulang ko?" ang sagot ni Philip na namula ang mukha sa katatawa.

"Tinatanong pa ba 'yan? E, di kakanta ka, kayo ni Beyan," ang hatol ni Barbara.

"Bakit kasama ako? Ay, sige, tama! Kasama ako para may pauna nang bayad," tumatawang sabi ni Berani na pasimpleng kinindatan si Philip.

Alam ni Berani kung anong relasyon mayroon ang Nana, ang tawag niya sa ina, at ang Tat Philip niya, mag-best friends, mag-best of buddies, daig ang tunay na magkapatid sa turingan. Mas matanda pa sa kanya ang pagiging mabuting magkaibigan ng dalawa. Noong siya'y paslit, tinanong niya ang ina kung ang ninong ba ay pareho lang sa tatay. Si Philip ang may karga sa kaniya sa litrato na ang background ay gorilyang nakalambitin sa sanga ng batong puno sa loob ng kulungan. Umiiyak siya, nakangiti naman ang nana at ninong niya. Paminsan-minsan, si Philip ang dumadalo sa Parent-Teacher Consultation para makuha ang report card niya dahil may investigation mission si Barbara sa malayong probinsya. Si Philip ang kasama niya sa loob ng operating room nang nagpatuli siya. Sa pagkakatanda niya, mga walong taong gulang siya nang tinawag itong Tat, pinaigsi niyang Tatay. Siya ang nag-isip sa kung anong bagay itawag kay Philip na damang-dama niya ang presensya sa buhay nilang mag-ina. Si Philip ang nakagisnan niyang pigura ng isang ama.

Siyam na buwang gulang si Berani nang dukutin ng ilang kalalakihan ang totoo niyang tatay habang naghihintay ng bus pa-Fairview sa Welcome Rotonda, Quezon City. Pilit itong isinakay sa isa sa dalawang sasakyan na walang plaka ng mga nakasibilyan pero nakabaril na mga lalaki. Galing ang tatay niya sa piket ng mga mangagawang nagpoprotesta sa iligal na pagtanggal ng management sa ilang mga kasamahan na pawang mga opisyal ng unyon. Papauwi na sana ito. Maraming nakakita sa pangyayari dahil oras pa ng uwian, pasado alas-sais ng gabi, pero walang naglakas loob na

sumaklolo kahit na nagsisigaw ito ng tulong. Isang lalaki ang tumawag sa bahay ng tatay ng tatay ni Berani dalawang araw makalipas ang insidente. Isa rin daw siya sa mga naghihintay ng masasakyan nang gabing iyon. Sa gawing hulihan ng hilera ng mga taong sumasalubong sa mga paparating na sasakyan siya nakapwesto habang nasa bandang gitna nakatayo ang tatay ni Berani. Nasaksihan ng lalaki ang buong pangyayari. Isinulat niya ang numero ng telepono na makailang beses isinigaw ng tatay ni Berani habang ginagawa ang lahat ng paraan upang hindi maisakay sa naghihintay na mga sasakyan. Suntok, sipa, tadyak, damba, dapa, gulong sa kalsada, kapit sa bangketa. Tatlong malalaking lalaki ang pumipigil, bumabatok, sumusuntok, bumitbit sa nagkakakawag na katawan ng tatay ni Berani. Panay raw ang sigaw nito ng 'dukot, militar'. Pero sumigaw rin ang mga lalaking kumuha rito ng, 'Layo, walang makikialam, kriminal 'to!' Nagpaputok din ng baril sa langit ang isa sa mga lalaki. Isang putok lang. Nawala sa kalsada ang hilera ng mga taong nakikipag-unahan sa isa't isa na makasay. May tumakbong palayo sa lugar, may tumabi lang sa gilid ng bangketa para manood, mag-usyoso, isa na roon ang lalaking tumawag. Propesyunal ang mga kumuha sa tatay ni Berani, ang tantya niya. Mabilis at kalkulado ang bawat kilos. Ang mga gamit ng biktima na nahulog sa kalsada sa panlalaban ay isa-isa pang pinulot, ultimo ang nahulog na ballpen ay kinuha. Walang takot ang mga kumuha sa tatay ni Berani dahil sa gitna ng karamihan ng tao ay naisagawa ang gawain. Nagpaumanhin ang lalaki dahil natagalan bago tumawag. Kung hindi pa nabasa sa dyaryo ang paghahap sa isang lalaki na tumutugma ang deskripsyon sa lalaking nakita nitong pwersahang isinakay sa sasakyang walang plaka ng tatlong lalaki na naka-sibilyan na damit pero mga de-baril hindi niya malalamang isang labor organizer pala ang taong iyon at hindi isang kriminal. Hindi ibinigay ng tumawag ang pangalan. Wala ring ibinigay na contact number. Hindi na ito muli pang tumawag.

Labing-siyam na taon na ang nakaraan nang nangyari ang pandurukot sa tatay niya. Pero hanggang ngayon ay naghahanap pa rin ang Nana niya, hindi ng kalansay kundi ng hustisya para sa krimeng ginawa sa asawa at iba pang mga biktima ng pandurukot, salvaging, summary execution sa kamay ng mga pulis at militar.

Galit si Berani sa paraan ng pagkawala ng sariling ama. Nanghihinayang siya dahil hindi man lang niya nakita ito ng personal pero, hindi siya gaanong nalulungkot. Maliban sa apelyido, isang binhi lang ang nag-uugnay sa kaniya sa ama. Paano niya mapapalalim ang damdamin para rito kung sa iilang litrato at paulit-ulit na kwento lamang niya ito nakilala. Mahal niya ang tatay niya pero mas mahal niya ang Tat niya. Si Philip ang takbuhan niya kapag siya ay malungkot, may problema. Si Philip ang laging umuupo sa harap niya para makinig sa mga kwento niya. Kaya naman ito ang tinawagan at hiningan niya ng tulong para sa importanteng bagay na sasabihin sa ina ngayon.

Nag-uurong pa lang ng pinagkainan si Barbara ay hinawakan na ni Philip ang regalong gitara kay Berani noong nagtapos ito ng high school. Sinimulan na niyang bayaran ang kulang pang sinasabi ng kaibigan. Makaraang makapagligpit, naki-upo na si Barbara sa mga pinarusahang umawit na wari bang hinaharana siya.

Habang nagkakantahan, walang ingay na lumapit si Pet kay Berani. Lumakad ito sa tabi at sa pagdaan ay sinagi ang binti ni Berani. Umupo ito sa gawing harapan ni Berani at naghintay ng reaksyon. Tuloy lang sa pag-awit si Berani na siya nang naggigitara. Hindi man lang nito tiningnan ang sumagi sa binti at nakaupo sa harapan. Tumayo si Pet sa pagkakaupo. Tahimik na lumakad, muling giniliran at sinagi si Berani sa binti. At para talaga mapansin na ay magaang idinikit nito ang basa at malamig na ilong sa naka-usling siko ni Berani dahil sa pagkakahawak sa gitara.

"Pet! Akala mo di kita napapansin 'no? Labas na tayo?" tumatawang sabi ni Berani sa alagang labrador. "Walk time na ni Pet. Nana, Tat sama kayo," yaya ni Berani sa dalawa.

"Halika Bayang, sama tayo," yaya naman ni Philip sa kaibigan.

"Pagod ako e," tanggi ni Barbara.

"Sige na, Nana. Matatagalan na naman bago makabalik si Tat. Sulitin na natin ang kwentuhan. Dalawang ikot lang tayo sa subdivision. Please...," sumamo ni Berani sa ina.

Nauna sa paglalakad si Berani at Pet na sinusundan nina Barbara at Philip. Mabagal ang mga hakbang ni Berani. Hinahasa niya sa isip ang sasabihin at isasagot sa posibleng itatanong ng ina. Maraming beses na niyang inensayo iyon sa isip at inuulit na naman niya ngayon. Kabadong-kabado siya.

"Kumusta ka na Bayang? Pumayat ka," seryosong bati ni Philip sa kaibigan.

"Hay, heto, nakakaramdam na ng pagod. Ilang taon na tayo sa ganitong gawain Phil, wala pa ring pagbabago. Magmula nang ipaliwanag mo sa akin noon bakit ka sumigaw ng 'ibagsak', 2013 na ngayon, ganoon pa rin. Akala natin magkakaroon ng pagbabago sa kalagayan ng Pilipinas nang mapatalsik si Marcos, wala rin pala. Ganoon pa rin ang sistema, mga mukha lang nang umupo sa Malacañang ang nagbago. Mas matindi pa nga ngayon! Nakamaskara ng maka-demokrasya, maka-Dyos at maka-tao ang mga humalili. Ang mga panginoong maylupa’t kapitalista ay biglang naging maka-masa at makabayan! Pwe! Kundi pa wala silang puknat sa pandarambong sa kaban ng bayan at pangunguyapapa sa imperyalistang Amerika. Ikaw kasi. Kung hindi ka nag-sorry sa akin noon hindi ako nagtanong pa sa 'yo. E di sana wala akong alam, iba ang naging takbo ng buhay ko. Naaalala mo pa ba 'yun, Phil?" sagot at nagpapaalalang tanong ni Barbara sa kaibigan.

"Oo naman," ang sagot ni Philip.

"'Di ko pa yata naikwento sa'yo Beyan kung paano kami naging magkaibigan nitong ninong mo. Seatmate kami sa isang subject noong second year college ako, pero di kami magkabatian. Irregular student kasi siya, third year-fourth year. Paano laging absent kaya madalas na incomplete kung hindi bagsak. Isang araw habang may klase, biglang may sumigaw ng 'Imperyalismo' sa hallway. Nagulat talaga ako nang sinagot ito ni Phil ng 'Ibagsak'! Para akong nabingi sa lakas ng sigaw e. Gagong 'to, sabi ko noon sa sarili ko, sisigaw lang sa tapat pa ng tenga ko. Tapos sumigaw, tumayo at saka lumabas ng kwarto nang hindi man lang nagpaalam sa professor namin. Sumama sa iba

pang mga estudyante na nagsisigaw ng ibagsak ang imperyalismo, pyudalismo, at burukrata kapitalismo. Aba, di lang pala gago kundi bastos pa, sa isip ko noon! Pero nang sunod kaming magkita, sa klase pa rin, nag-sorry siya sa akin," tigas na katatawa si Barbara habang nagkukwento.

"Paanong hindi magso-sorry e matalim pa sa labaha ang tingin niya sa akin bago ako lumabas ng kwarto noon," nagtatawa ring sabi ni Philip.

"Ikaw pala Tat ang salarin e," ang nanunuksong sabat ni Berani.

"Mismo, wala nang iba! Kaya noong una, galit na galit sa kanya ang Daddy, lolo mo. Pero naging vibes din sila pagkatapos. Halos ampunin na nga itong ninong mo. Siya raw ang naiwala niyang anak. Magaling talaga itong si Phil sa alliance work, iyon talaga ang forte niya," pagpapatuloy na kwento ni Barbara sa anak.

"Mabait ang lolo mo at mahal ko 'yun. Hanga nga ako sa kanya kasi pumayag na maging full-time na aktibista ang kaisa-isa niyang anak. May allowance pa 'yan buwan-buwan. At siyempre, pati ang naiwala niyang anak," masayang pagpapatuloy ni Philip sa kwento ni Barbara.

"Tat, pwedeng parelyebo sandali kay Pet. Ang lakas humila, ngawit nang balikat ko sa pagpigil," ang paki-usap ni Berani sa ninong sabay abot sa tali ng alaga. Siya naman ang tumabi sa ina na inakay pa.

"Ang lamig ng kamay mo a!" pansin ni Barbara nang hawakan ni Berani ang braso niya.

"'Nana, may sasabihin ako sa inyo," ang bungad ni Berani.

"Tungkol saan, anak?" malambing na tanong ni Barbara.

"Promise nyo muna na cool lang kayo," parang batang hingi nito sa ina.

"Oops, nakakakaba yata 'yan a. Noong bata ka kapag ganyan ang intro mo sa akin, ibig sabihin may nagawa kang kasalanan o kaya may hihingin ka na medyo mahirap ibigay. Tingnan ko muna. Mahirap mag-promise," sagot ni Barbara sa hiling ng anak.

"May invitation sa akin na immersion sa isang community sa Isabela. Gusto kong pumunta," maingat na sagot ni Berani. Naghahabulan ang kaba sa dibdib niya.

"Hindi pwede! Isang taon na lang ga-graduate ka na. Tapusin mo munang college mo bago mo pansinin ang ganyang mga imbitasyon," ang mabilis na tugon ni Barbara.

"Pero Nana, ngayon ang pangangailangan, ngayon ako kailangan," ang katwiran ni Berani sa ina. Ingat na ingat siya sa mga salitang ginagamit.

"Anong kailangan nila sa 'yo? Anong magagawa mo na hindi kayang gawin ng iba? Anong maibibigay mo na ikaw lang ang mayroon?" nawala ang lambing sa tinig ni Barbara habang sunud-sunod ang tanong sa anak.

"Kailangan bang ako lang ang mayroon para masabing may naibigay ako? Kailangang bang ako lang ang makagagawa ng isang bagay o gawain para magkaroon ako ng kapakinabangan sa iba?" mababa ang boses na pagbabalik ng tanong ni Berani sa ina. Abot-abot ang pagkontrol niya sa nagdarambahang kabog sa dibdib.

Hindi na hinintay pa ni Berani na sumagot ang ina. Ipinagpatuloy niya ang pagpapaliwanag kahit pa ninenerbyos sa magiging reaksyon nito. "Nana, alam kong mahalaga ang edukasyon sa buhay ng tao kaya gusto kong dagdagan ang aking matututunan. Pag-aaral pa rin namang maituturing ang pakikipamuhay sa mga magsasaka ng isang tulad kong laking syudad. Hindi naman kailangang laging manggaling sa nakasulat sa mga libro ang pagtatamo ng kaalaman, di ba? Marami pang bagay sa paligid natin ang hindi natutuklasan, naisusulat sa mga libro, ang mga bagay bang iyon ay wala nang saysay? Mahalaga ang pagkakaroon ng diploma, tama kayo. Pero, hindi naman siguro makukulangan o mababawasan ang pagkatao ko kung walang titulong nakakabit sa pangalan ko. At saka, Nana, babalik naman ako, baka mga anim na buwan hanggang isang taon lang akong mawawala. Pwede naman daw mag-text paminsan-minsan, ang sabi sa akin."

Ito ang unang pagkakataon na nagpalitan ng ganoong pagtatanong at pagsagot ang mag-ina. Nabigla si Barbara sa mga narinig mula sa anak. Nakita na niya ang eksenang ito. Bumuntong-hininga siya nang malalim para paluwagin ang dibdib na pinasisikip ng nagsasapawang mga emosyon. Unang pangungusap pa lang ni Berani ay nag-init agad ang tenga niya pero, matapos itong mangatwiran ay pumalakpak naman ito.

Noong bata si Berani, simple lang ang pangarap niya para rito, ang lumaking mulat sa kanyang paligid, makamasa at makabayan, katulad nilang mag-asawa. Kung anong klaseng tao gusto niya maging ang anak sa paglaki ay itinatak na niya sa pangalan pa lang. Matapang na mandirigma ang kahulugan ng buong pangalan ng anak. Salitang Malay ang Berani na ang kahulugan ay matapang samantalang ang apelyido nilang Guerrero ay Kastila ng mandirigma. At para matiyak na hindi magkamali si Berani sa tatahaking daan balang araw, maaga niya itong in-expose sa adhikain ng kinapapaloobang kilusan. Isinasama niya ito sa mga miting, kesehodang sa squatter area ang venue. Isinasama niya rin sa mga demonstrasyon. Natutuwa siya kapag nakikikorus ito sa pagsigaw ng 'Ibagsak' sa slogan chanting nila sa mga rali. Ang mga inosenteng tanong nito katulad ng bakit may araw at gabi ay sinasagot niya sa diyalektikong paraan. Parang matanda kung kausapin at itrato niya ang anak noong bata ito.

Desinuwebe anyos na ngayon si Berani at may taas na 5'10". May kapasidad na itong bumuo ng sariling pangarap at pasya kagaya ng pagsapi rin sa kilusan. Ang mga pagbabago kay Berani ay nakapagpabago rin kay Barbara. Kung kailan lumaki at nagkaisip ang anak ay saka ito nakita ni Barbara bilang bata. Ang batang pinangarap niyang lumaking makamasa at makabayan ay nagpapasya na ngayong isabuhay ang itinuro niyang paglingkuran ang sambayanan. Tumututol siya.

"Wala akong sinabi na wala kang matutunan sa masa pero tapusin mo muna ang pag-aaral mo. Pagka-graduate mo ay bahala ka nang gawin ang gusto mo," pagdidiin ni Barbara sa kondisyong iginigiit sa anak.

"Pero, Nana, ngayon ang pangangailangan, ngayon ang panahon," pasubali naman ni Berani.

"Matagal nang pangangailangan ang sinasabi mo. Ang mga sitwasyong daratnan mo sa gusto mong puntahang lugar ay deka-dekada nang nariyan.  Kaya ano ang magagawa mong iba na hindi pa nagawa ng mga nauna sa iyo? Ang dami nang nauna sa iyo pero tulad pa rin ng dati ang lahat, walang pagbabago!" ang matigas na pagbitaw ni Barbara sa bawat salita.

"Bayang, ang boses mo. Naririnig mo bang sinasabi mo?" saway ni Philip sa kaibigan.

"Okay lang, Tat.  Naiintindihan ko ang Nana. Sana maintindihin din niya ako. Hindi na ako bata. May isip na ako. Alam ko na ang ginagawa ko," may hinanakit ang tinig na waring nagsusumbong kay Philip ang inaanak.

"Hindi dahil may isip ka na ay tama ang naiisip mo!" ang mabilis na putol ni Barbara sa pagsasalita ni Berani. "Iyan ang hirap sa inyong kabataan, ayaw ninyong makinig sa mga nakaranas na ng gusto ninyong pasukin?" pagpapatuloy ng galit ni Barbara.

"Bakit, Nana, hindi ba mahusay na guro ang karanasan? Mali bang maging mapangahas, maging buo ang loob ko ... katulad ninyo? Hindi ba nakapagpapatatag ang karanasan, mapa-positibo o negatibo man ito? Kayo, Nana, ang modelo ko, ang mga pinagdaanan, karanasan ninyo ang inspirasyon ko para pangarapin na maging 'sing tapang, 'sing tatag n'yo ako," magalang at determinadong pagsagot ni Berani sa ina. Humupa na ang kaba niya.

Dinig na dinig ni Barbara ang bawat salita ni Berani. Napatahimik siya ngayon, hindi niya alam kung anong isasagot. Ang huling mga sinabi ni Berani ay parang punyal na itinarak sa puso niya. Pinatay ang kangina'y siklab ng galit para ibaon ang takot na tila lasong gumagapang ngayon sa mga ugat niya. Kilalang-kilala niya ang anak, hindi ito madaling sumuko. Kapag may pinasok na isang gawain, higit sa isang daang porsiyento ang pagbigay ng sarili. Mala-yantok sa tibay ang determinasyon, matigas pa sa diyamante ang ulo kapag sa palagay ay nasa tama siya. Siyang-siya nga rin si Berani. Alam na niya ang kahahantungan ng pag-uusap nilang iyon.

"Phil, kausapin mo nga ang batang iyan!" ang pasaklolo ni Barbara sa kaibigan. Matigas pa rin ang kanyang tinig. Ayaw niyang ipahalata kay Berani ang pagsuko.

"Beyan, anak, pupwede mo bang pagbigyan ang Nana mo? Isang taon na nga lang naman ay ga-graduate ka na. Sayang naman," malumanay na pakiusap ni Philip sa inaanak.

"Tat, napag-usapan na natin ito. Sinabi ko naman sa inyo na babalik ako. Ibibigay ko rin sa Nana ang gusto niya pero sana ay pagbigyan niya muna ako ngayon. Huwag ninyo sanang ipagkait sa aking maranasan ang minsa'y ipinaglaban ninyo ring gawin," ang determinadong sagot ni Berani.

"Alam mo ang tungkol dito, Philip? At hindi mo man lang nasabi sa akin? Kinunsinti mo pa iyan, 'no?" nag-uusig na tanong ni Barbara sa kaibigan. Nabigla man na alam pala ni Philip ang balak ni Berani ay hindi siya nagtaka.

"Oo, Bayang, nasabi na sa akin ni Beyan noong huling punta ko rito. Pero hindi ko siya kinunsinti. Pinaliwanagan ko siya katulad ng mga sinasabi mo ngayon. Kaya lang buo na ang pasya niya nang kinausap ako. May sarili nang pagpapasya ang anak mo, Bayang, at iginagalang ko iyon.  Ayaw ko siyang pangunahan, nararapat lang na siya ang magsabi nito sa 'yo," paliwanag ni Philip sa akusasyon ni Barbarba.

"Salamat, Tat," ang singit ni Berani sa sinasabi ni Philip.

"Pamilyar sa atin ang usapang ito kaya sana Bayang, unawain mo si Beyan," pakiusap ni Philip kay Barbara.

"Iyon na nga, kaya nga tumututol ako. Alam ko ang gusto niyang pasukin. Kasasabi ko pa lang kanina, mas malala ang sitwasyon ngayon. Mapanlinlang ang mga nasa poder, marami silang nauuto at masaklap mang tanggapin, marami ang nagpapauto. Ang magtanong bakit nagpapatuloy pa rin ang kahirapan, ang pagsasamantala ng may kapangyarihan sa maliliit ay pinalalabas nila na nanggugulo lang, kalaban ng demokrasya. Kaya may lisensya silang patahimikin, ikulong, iligpit, i-salvage ang nanggugulo, ang kalaban ng demokrasya. Lunud na lunod na ako sa luha ng mga kaanak ng mga ikinulong, ng mga ginawang imbalido, ng mga inulila, " paglalabas ni Barbara ng takot sa isip.

Magaang kinuha ni Berani ang kamay ni Barbara at saka ikinulong sa malapad niyang mga palad.  "Nana, naiintindihan ko ang takot ninyo. Hindi ako magmamatapang sa inyo, inaamin ko, natatakot din ako pero, mas nagagalit. Galit na galit ako, Nana. Kung hindi ako kikilos, sa sarili ko ako magagalit. ... Huwag kayong mag-alala, kaya ko nang pangalagaan ang sarili ko. Lagi akong mag-iingat, para sa inyo," ang pagtitiyak at buong pagmamahal na sabi nito sa ina.

PANG-APAT NA taon nang nakahinto ang pag-aaral ni Berani. Sa loob ng panahong ito ay makailang ulit nang dinalaw ni Berani ang ina bagaman sandali lamang. At sa kada pagkikita nilang mag-ina lalong lumalala ang takot ni Barbara para sa anak. May mga pilat na ito sa balat at ang ila'y malalim.

Sa unang mga buwan nang umalis si Berani, nahulog ang katawan ni Barbara. Walang ibang makitang dahilan ang duktor sa mabilis na pamamayat niya at matinding pananakit ng likod kundi stress. Pinayuhan siya nito na magbakasyon muna o di kaya ay magpalit ng trabaho. Malinaw sa kanya ang sanhi ng stress na sinabi ng duktor. Sinikap niyang iwaksi sa isip ang mga takot para sa pinasok ng anak ngunit bigo siya. Wala siyang mahanap na paliwanag kung bakit siya nagkakaganoon. Siya mismo ay nahihiya sa sarili. Tumatanda na siya marahil, iyon na lang ang nakita niyang dahilan. Mabigat ang loob na iniwan niya ang trabahong mahigit dalawang dekada niyang buong pusong ginampanan. Natanggap siyang guro sa kasalukuyang pinapasukang unibersidad. Hindi man siya gaanong masaya sa bagong trabaho ay ginusto na rin niya ito. Ang naiibang kapaligiran

ng akademya sa pinanggalingang institusyon ang kahit paano'y nakapaglalayo sa isip niya sa mga nangyayari sa bansa at sa mga pag-aalala kay Berani.

Pero, palibhasa'y sagad sa buto ang pagmamahal sa bayan, iniuugnay niya sa paksang tinatalakay sa klase ang mga suliranin ng lipunan kapag may pagkakataon. Kaya lang, madalas ay naiinis at nalulungkot siya pagkatapos ng diskusyon. Hindi interesado ang mga estudyante sa mga pinagsasabi niyang suliranin ng mga magsasaka, manggagawa, maralita ng lungsod, at iba pang doormat ng lipunan.

Ang reaksyon sa atityud ng mga estudyante ay may hilang isa pang reaksyon sa kanya, ang ukilkil ng konsensya. Hanggang ngayon ay tutol siya sa pasya ni Berani. Hindi matanggap ng konsensya niya ang katwirang taliwas sa inaasahan mula sa isang katulad niya. Pero may katwiran siya para ikaila ang katwiran, ang dayalogo niya sa sarili. "Bakit gusto mong mamulat, kumilos ang ibang tao pero hanggang ngayon ay naghihinanakit ka pa rin sa pag-alis ng anak mo? Bata pa si Beyan. Nasa hustong gulang at pag-iisip na si Beyan. Bata pa rin siya. At may iba pang paraan para makatulong sa kapwa, delikado ang kalagayan ngayon. Ang pagiging delikado ng ngayon ang sinasabi mo kay Beyan noon. Noon na ang ngayon mo noon, bakit hanggang ngayon ay ngayon pa rin ito? Mas iba ngayon. Walang pagbabago sa panahon, di ba 'yan ang sinabi mo kay Beyan? Wala nga pero iba na ngayon, mas mahirap, mas delikado. Ganoon pala, bakit ka naiinis kung ang mga estudyante mo ay mas gustong mag-aral kaysa kumilos para sa bayan? Hindi tamang maging makasarili. Kailangang magkaroon sila ng pagmamahal sa bayan, ng malasakit sa kapwa nila, lalo na sa masa. Siyanga? Bakit hindi mo lubos na maibigay ang anak mo sa bayan? Hindi kaya makasarili ka rin? Pagiging makasarili ba iyong mahigit kalahati ng buhay ko ay ibinigay ko na noon? Noon. Ngayon? Nawalan na ako ng asawa noon, ayoko nang mawalan ng anak ngayon. Anong maitatawag mo sa ganyang dahilan, hindi ba pagiging makasarili rin? Hindi! Ito'y pagiging isang ina. Akala ko pa naman iba ka. Disappointed ako sa iyo! Ako man, pero wala akong magagawa. Meron. Ayaw mo lang. Ano ang unang tungkulin ng isang ina sa kanyang anak? Hindi ba ang arugain at mahalin ito? Akala ko ba wala nang hihigit pa sa pag-ibig sa Inang Bayan? Oo. Ganoon pala, bakit ganyan ang atityud mo kay Beyan? Siguro bago ako maging anak ng bayan ay ina muna ako sa aking anak." Paikot-ikot lang ang mga tanong at sagot niya sa paulit-ulit na pakikidayalogo sa sarili.

SINALUBONG SIYA ni Philip at nagyakap sila nang mahigpit, nang matagal. Bibihira na lang silang magkita dahil halos sa Hongkong na nakabase si Philip. Konektado ito ngayon sa isang organisasyong nangangalaga sa kagalingan at nagtitiyak sa proteksyon ng mga karapatan ng mga OFW.

"Mabuti at narito ka ngayon. Kelan ka pa dumating?" mahinang bati ni Barbara sa kaibigan.

"Noong isang gabi lang, diretso sa miting. Mabuti na lang. Papunta talaga ako ngayon sa iyo nang matanggap ko ang text tungkol kay Beyan," ang sagot ni Philip.

"Ito na nga ba ang ikinakatakot ko kaya ayaw ko siyang umalis," ang bigkas ni Barbara sa bulong ng isip. Higit kay Philip, ang sinabing ito ay para sa kanya. Kinukumpirma niya sa sarili ang kawastuhan ng katwiran na mismong siya ay may tanong, may pagtutol.

"Huwag na 'yan ang isipin mo Bayang. Nailipat na sa ICU si Beyan. Tingnan natin kung papayagan tayong makapasok, may mga nagbabantay sa kanya," ang halos pabulong na sabi ni Philip sa kaibigan. Akbay niya ito para maalalayan. Marahan ngunit malalaki ang hakbang nila.

Ayaw silang papasukin sa ICU ng nurse, kritikal pa ang kalagayan ng pasyente. Ipinakiusap ni Philip si Barbara sa nurse, sisilipin lang nito ang anak. Pumayag ang nurse sa kondisyong hindi lalampas ng isang minuto ang itatagal ni Barbara at bawal lumikha ng anumang ingay habang nasa loob ng ICU.

Papasok na si Barbara sa ICU nang harangin siya ng isang lalaking nagpakilalang intelligence agent. Tinanong siya kung sino ang dadalawin at kung ano ang relasyon dito. Taas noong nagpakilala si Barbara. Walang emosyong tiningnan siya ng ahente na parang scanner ang mga mata sa paghagod ng tingin mula ulo hanggang paa niya. Ininspeksyon nito ang laman ng bag niya. Nang akmang kakapkapan ng ahente sa baywang, mabilis pa sa kisap ng mata ang reaksyon ni Barbara, malakas na tinabig ang kamay nito. Ang mga mata ng ahente na parang pinalitadahang pader ilang segundo pa lang ang nagdaan ay nanulis na bigla ang tingin kay Barbara. Mga matang nagbabaga sa galit ang isinalubong dito ni Barbara. Hindi na itinuloy ng ahente ang pagkapkap. Pero sumama ito kay Barbara sa pagpasok ng kwarto.

Ilang segundo lang sa loob ay lumabas na si Barbara ng ICU, kasunod ang ahente. Lumapit agad sa kanya si Philip. May ibinulong si Barbara sa kaibigan.

"Sir, pwede ba kayong makausap? " sabi ni Philip sa ahente. Lumayo sila ng ilang hakbang sa ICU.

"Alisin mo ang posas sa anak ko!" mahina ang boses ni Barbara ngunit mariing nag-uutos sa ahente.

"Hindi pwede, Mam," mariin din ang tugon ng ahente.

"At bakit?" galit na tanong ni Barbara pero kontrolado ang boses.

"Baka tumakas ang anak n'yo. Matagal na naming hinahanap 'yan," sagot nito.

"Tumakas? Makakatakas ba 'yang hanggang ngayon ay hindi nagkakamalay dahil nasa bungo pa rin niya ang balang ibinaon ninyo? Ang paghahanap ba ninyo ay para siya hulihin o patayin? Kung huhulihin ninyo lang bakit ninyo binaril sa ulo?" ang galit na galit na usig ni Barbara sa ahente. Bahagyang tumaas rin ang boses niya.

"Aba Misis, huwag kayong magalit sa amin. Lehitimo ang operasyon namin, may warrant of arrest kami. Akmang bubunot ang anak n'yo, lalaban, inunahan lang namin. Siya ang may gusto niyan, hindi kami. At kung bakit nagkaganyan ang anak n'yo, kayo ang may kasalanan dahil hinayaan n'yong lumaban sa gobyerno, maging terorista. Huwag n'yong isisi sa amin ang pagkakamali n'yo. Kami, ginawa lang namin ang trabaho

namin," ang pagbalik ng ahente sa sumbat ni Barbara. Patabinging itiningala pa nito ang ulo habang nagsasalita para iparating kay Barbara na hindi lang siya otoridad ng batas kundi maging ng katwiran.

Pumagitna si Philip sa dalawang nagtatagisan ang tapang at yabang. Alam niyang kumukulo ang dugo ni Barbara dahil ganoon din ang nararamdaman niya. Siya ang nakipag-usap sa ahente. "Sir, wala namang panganib na makakapanakit sa kanino pa man o makakatakas ang pasyente dahil sa kondisyon niya, comatose siya. Ang pagposas sa kanya ay pagpapahiya lamang. Pwedeng paki-alis ninyo na lang ito? Ano pa man ang tingin ninyo sa kanya, karapatan niyang bigyan ng dignidad ang kanyang pagkatao. Hindi kriminal at lalong hindi terorista ang nag-aagaw buhay na batang iyon. Ang taong tumutulong mapaunlad ang buhay ng kanyang kapwa ay hindi gawain ng isang terorista. Bukod dyan, Sir, kailangan pang patunayan sa husgado ang pinaparatang ninyo sa kanya, may due process tayong dapat sundin," diplomatikong paliwanag ni Philip sa ahente. Halos hindi bumuka ang bibig niya nang nagsasalita dahil nagtatagisan ang mga ngipin sa galit.

Tumalikod ang ahente, lumayo kina Barbara at Philip. Kinawayan nito ang isang kasamahan na naka-upo pala di kalayuan sa nurse station. Nag-usap ang dalawa. May tinawagan sa cellphone ang ahente. Nag-usap ulit ang dalawang lalaki. Nagbalik sa pwesto niya ang kinawayang lalaki. Bago nagbalik ang ahente sa kinatatayuan ng magkaibigan ay pumasok muna ito sa ICU. Tinanggal na niya ang posas kay Berani, ang sabi kay Philip.

Naiwang nagbabantay sa labas ng ICU si Barbara. May miting si Philip pero nangakong babalik agad. Mayroon naman siyang kasama, isang binatang dating kagrupo ni Berani noon sa unibersidad. Naroon ito para samahan at tulungan siya sa anumang kailangan. Ang mga kasamahan ni Barbara sa dating organisasyon ay dumating din.

Iba na ang mga nagbabantay sa labas ng ICU. Gayunpaman, hindi napahupa nang pagpapalit ng bantay ang sumusubong galit ni Barbara. Nasusuklam siyang makasama sa iisang lugar ang mga taong gustong pumatay sa anak niya. Sa isip ay panay ang mura niya sa mga nagbabantay. Paminsan-minsan ay hindi siya makatiis na hindi tapunan ng matatalim na titig ang mga ito. Maya't maya ay tinatanong niya ang mga nurse at duktor sa kalagayan ng anak. Bandang huli, pati mga nurse at duktor ay minumura na rin niya sa isip dahil walang maibigay sa kanyang malinaw na sagot. Nakailang silip na siya sa anak sa ICU. Pero di tulad noong una, hindi na iniinspeksyon ng bagong bantay ang laman ng bag niya sa tuwing papasok siya ng kwarto.

Sa kanyang huling pasok sa ICU, matagal na pinagmasdan ni Barbara ang anak. Pabalik-balik niyang hinaplos ito ng tingin. Bawat daan ng mata sa katawan ng anak ay labahang humihiwa sa puso niya; masakit, mahapdi. Hindi siya huminto; tuloy lang sa pagtingin hanggang sa ang sakit at hapdi ay wala nang isasakit pa at ihahapdi. Ilang segundong nakapako ang mga mata niya kay Berani pero wala rito ang kanyang

paningin. May iniluwal na pasya ang isip niya. Bago siya lumabas ng kwarto ay buong paggalang at pagmamahal na dinampian ng halik sa pisngi ang anak.

Tiningnan niya ang orasan, pasado alas-onse na ng gabi. Naisipan niyang lumabas ng ospital sandali. Nakadikit na sa tungki ng ilong niya ang lisol na amoy ng ospital, gusto niyang makaamoy ng iba naman. Lumapit si Barbara sa kasamang binata.

"May kailangan po kayo? May problema po ba?" magkasunod na tanong nito kay Barbara.

"Wala, iho. Lalabas lang ako sandali," paalam ni Barbara rito

"Sige po, ako pong bahala kay Berani," ang magalang na tugon naman nito.

Ito ang araw na kinatatakutan ni Barbara. Kumikirot ang kaibuturan ng kanyang pagka-ina pero tuyo na ang kanyang mga mata. Inubos na ng araw na ito ang takot niya. Siya ay nagagalit, galit na galit. Tatapusin na lang niya ang semestre at magbibitiw na siya sa unibersidad. Sinindihan niya ang pangalawang stick ng sigarilyo sa papaupos nang una. May tumusok sa braso niya. Mabilis na hinampas, huli ang lamok, pisak! Sa dilim ay inaninag niya ang malagkit na dugong nasa palad. Sinipat din niya ang dugo sa braso. Parang iisa lang ang dalawang marka ng dugo sa balat niya.

**Tungkol sa May-akda:**

**MARIA LUCILLE ROXAS**
Pana-panahong guro, pana-panahong organisador, pana-panahong manunulat at tagapagtaguyod ng mga “doormat” ng lipunan. Kasalukuyang nagtuturo sa Departamento ng Filipino ng De La Salle University, Manila.